SFUSD SAN FRANCISCO PUBLIC SCHOOLS

Nagsasagawa ng Lupon ng Edukasyon ng San Francisco Unified School District ng kumpidensiyal na paghahanap para sa susunod na superintendente ng SFUSD. Napili ng Lupon ang Leadership Associates Executive Search Advisors upang magsagawa ng pagre-recruit at ng proseso ng komprehensibong pagahanap.

Nag-iiskedyul na ang Leadership Associates ng **serye ng mga pulong - kasama na ang limang Open Forum (Bukas na Talakayan) - upang makakuha ng mga opinyon na gagamitin para makabuo ng mga pamantayan sa pagre-recruit.** Kritikal ang inyong opinyon ukol sa mga gusto ninyong mga personal at propesyonal na katangian ng susunod na superintendente. Hindi kinakailangan ng appointment o RSVP (pag-aabiso para sa pagdalo) para sa mga Open Forum.

Iskedyul ng Open Forum		
Disyembre 6 **6:15 pm - 8:00 pm**	**Disyembre 7** **6:15 pm - 8:00 pm**	**Disyembre 8** **6:15 pm - 8:00 pm**
1) **Leola Havard EES** **1520 Oakdale Avenue** **Kuwarto: Auditorium** **2)** **Mission High School** **3750 18th Street** **Kuwarto: Auditorium**	**1) Abraham Lincoln High School** **2162 24th Avenue** **Kuwarto: Auditorium** **2) George Washington High School** **600 32th Avenue** **Kuwarto: Cafeteria**	**1) Marina Middle School** **3500 Fillmore Street** **Kuwarto: 109**

Tatanungin ng mga konsultant ang dalawang pangunahing tanong:

1) *Ano-ano ang mga kanais-nais na mga kuwalipikasyon, katangian, nakaraang gawain, at karanasan (propesyonal at personal) para sa susunod na superintendente ng SFUSD?*
2) *Ano-ano ang mga nakikita mong kalakasan ng SFUSD at ang pinaniniwalaan mong pinakamalalaking problema na hinaharap ng distrito sa mga susunod na taon?*

Pagsasama-samahin ng Leadership Associates ang ulat tungkol sa mga komentong natanggap sa mga sesyon para sa mga opinyon ng komunidad. Ibabahagi nila ang mga komentong ito sa Lupon at sa mga kandidato para maging susunod na superintendente. Gagamitin ang mga komentong ito upang gabayan ang pagbuo ng brochure o librito para sa pagre-recruit, proseso ng pagre-recruit, at pagtiyak sa mga sanggunian (references).